ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# PERSEPSYON NG MGA MAG-AARAL SA ESTILO NG PAGTUTURO NG GURO: *A MIXED METHOD*

**Maricel V. Amoguis[1], Norrelyn B. Gedaro, LPT[2]**
*[1]Student Researcher, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*
*[2]Adviser, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra19769
**DOI No: 10.36713/epra19769**

**ABSTRACT**

*Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng mixed-method na pamamaraan na sumusuri sa persepsyon ng mga mag-aaral sa estilo ng pagtuturo. Kung saan, ginamit ang isang convergent parallel mixed method na disenyo dahil nakakalap ito ng iba-iba at komplementaryong data sa parehong paksa. Sa kwantitatibong parte, mayroong 177 na mga mag-aaral ang tumugon sa pag-aaral at sampu (10) naman ang kwalitatibong parte. Ang mga resulta ng pag-aaral ay nagpakita na napakataas ang antas ng estilo ng pagtuturo, pati na rin ang kanilang persepsyon tungkol dito, ginamit ng guro sa pagtuturo na may natuklasang pangunahing tema; madaling pagkatuto gamit ang digital na gamit sa pagtuturo, nakararanas ng epektibong pamamaraan sa pagkatuto, nakararanas na mapapadali ang paghahatid ng karunungan dahil sa digital na teknolohiya, nakatutulong sa pagkakaroon ng aktibo at interaktibong klase, nagkakaroon ng mabisang pagtuturo sa makabagong panahon, nahihirapang makipagsabayan sa modernong paraan ng pagkatuto, at kawalan ng interes sa pagkatuto. Ang integrasyon ng data sa parehong kwantitatibo at kwalitatibo na mga resulta ng data ay nagpahiwatig na mayroong convergence na mga natuklasan mula sa parehong uri ng data.*

**MGA SUSING SALITA:** *demokratiko, awtorisado, laissez faire na estilo ng pagtuturo, indifferent na estilo ng pagtuturo.*

## INTRODUKSYON

Ang estilo sa pagtuturo ng guro ay isang mahalagang bagay upang manatiling interaktibo ang klase. Ang pinakakomplikado na isyu ng mga mag-aaral at mga guro ay ang partisipasyon sa klase ng mga mag-aaral. Maaari rin itong makabuo ng mga pampasigla na gumaganyak sa mga mag-aaral at sa gayon, palagi silang masigasig sa pag-aaral. Kaya naman kung hindi magawa ng guro na maganyak ang mga mag-aaral sa pag-aaral, maaari rin na maging dahilan ito upang bumaba ang kanilang interes sa pakikinig at partisipasyon sa klase (Berti, 2023).

Sa Unibersidad ng Pakistan, mahigit kalahati ng guro ang hindi nagpapagawa ng aktibidad sa loob ng klase kaya nahihirapan ang mga guro na palaging panatilihing makilahok at interesado sa klase ang mga mag-aaral. Dagdag pa, ang mga guro ay nakatuon sa pagtulong sa mga mag-aaral na makisangkot sa pag-aaral subalit hindi lahat ng paaralan at guro ay may kapasidad na makamit ito. Masasabing makabubuti ang paglilinaw sa pagtuturo at paggamit ng makabagong pamamaraan para sa mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, kapag hindi ito naituro nang maayos ay maaaring magdulot ito ng kawalan ng interes sa pakikinig at partisipasyon ng mga mag-aaral (Harrington, 2020).

Sa Pilipinas, partikular sa mataas na paaralan sa siyudad ng Calamba, Laguna, may suliranin sa paglalahad ng pagtuturo sa Filipino ng mga guro sa isang paaralan, isa na rito ang kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng mga akdang pampanitikan at ang guro ay hindi mulat sa lahat ng pagbabagong nagaganap sa kapaligiran lalo na sa larangan ng wika at panitikan. Dahil sa hindi makasunod sa panibagong paraan o estilo ng pagtuturo ng Filipino ay maaaring mabawasan ang kanilang pagkatuto ng mga mag-aaral. Bukod dito, maraming mga mag-aaral na nawalan ng interes sa pag-aaral sa asignaturang ito at mas piniling hindi makinig sa klase sapagkat hindi raw nila naiintindihan ang paliwanag ng guro (Keyser, 2022).

Ang problemang ito ay umiiral sa paaralan ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST), ang mga mag-aaral ay hindi nagiging responsible at aktibo sa kanilang pag-aaral at pagtugon sa mga gawain kung ang guro ay hindi naging tiyak at malinaw sa kanyang pagtuturo at pagbibigay ng mga panuto o tagubilin. Ang suliraning ito ay madalas mapansin partikular sa pagtatakda ng oras para sa pagpasa ng mga gawain at sa kung ano ang parusa sa hindi pagsusumite ng gawain sa tamang oras. Dagdag pa, nakokondisyon ang isipan ng mga mag-aaral na hindi gawin agad ang kanilang gawain kapag hindi maayos at malinaw ang pagbibigay o paglalahad ng instruksyon ng guro.

Maraming mga mananaliksik ang nagsagawa ng pag-aaral ukol sa persepsyon ng mga mag-aaral sa estilo ng pagtuturo ng guro gaya ng pag-aaral nina De Vera, at Villano (2023) na pinamagatang "A

Comparative Analysis of Teaching Styles and Student Preference in Philippine Higher Education", "Examining the Mediating Role of Self-Efficacy and Anxiety in the Relationship between Teaching Style and Student Achievement" ni Lin et., al (2023) at "Teacher Motivation and Student Outcomes: A Meta-Analysis" ni Bryan et., al (2022) isang kwantitatibong disenyo ng pananaliksik ang ginamit sa pag-aaral na ito. Subalit sa pananaliksik na ito ay isang pinaghalong kwalitatibo at kwantitatibo na disenyo ang ginamit sa pag-aaral na nakatuon sa mga mag-aaral ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology (KCAST) mayoryang Filipino.

**Mga Tanong ng Pananaliksik**

1. Ano ang antas ng persepsyon ng mga mag-aaral sa estilo ng pagtuturo ng mga guro?
2. Ano ang karanasan at pananaw ng mga mag-aaral ng BSEd-Filipino sa KCAST patungkol sa iba't ibang estilo sa pagtuturo ng guro?
3. Ang kwalitatibong data ba ay nagpapatunay sa kwantitatibong data?

## METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ginamit ng mananaliksik ang *convergent parallel mixed approach* sa pananaliksik na ito. Ang *non-experimental* na dulog na ito ay pinagsasama ang mga aspekto ng kwantitatibo at kwalitatibo na pamamaraan. *Convergent parallel* ito dahil ang pag-aaral ay gagamit ng parehong kwantitatibo at kwalitatibo na pangangalap ng data, pagsusuri, at paghahambing sa parehong oras, na may mga paghahambing na ginawa pagkatapos makumpleto ang pagsisiyasat. Ang dulog ay ginamit upang siyasatin ang persepsyon ng mga mag-aaral sa estilo ng pagtuturo ng guro. Bukod pa rito, madalas na ginagamit nang sa gayon ay pagtagumpayan ang isang kahinaan sa isang paraan na may lakas ng isa pa. Maaari din itong makatulong sa pagpapahusay sa dami ng datos sa pamamagitan ng pangangalap ng kwalitatibong data na may malawak na hanay ng mga posibleng sagot (Creswell, 2003).

**Partisipante**

Ang mag-aaral ng kursong BSEd-Filipino ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology ang pinili bilang respondente sa pananaliksik na ito na may 177 na partisipante sa quantitatibo at 10 sa qualitatitbo.

Para sa quantitatibong parte, ang kursong BSEd Filipino ay may kabuoang 327 na mag-aaral, na binubuo ng 167 na mag-aaral sa unang taon, 66 na mag-aaral sa ikalawang taon, 60 na mag-aaral sa ikatlong taon, at 34 na mag-aaral sa ikaapat na taon. Gayunpaman, ang sampol na angkop para sa pag-aaral ay kinalkula ng *statistician*, na kinabibilangan ng 90 sa 167 na mag-aaral sa unang taon, 36 sa 66 na mag-aaral sa ikalawang taon, 32 sa 60 na mag-aaral sa ikatlong taon at 18 sa 34 na mag-aaral sa ikaapat na taon, na may kabuoang 177 na mag-aaral ang nakuhang sampol mula sa 327 na mag-aaral sa BSEd Filipino.

Para sa qualitatibong parte, may sampo (10) na kalahok ng mga mag-aaral sa parteng ito, para sa pangkalahatang talakayan (*focus group discussion*) ay may limang (5) mga mag-aaral na pinili na sumali sa pokus na talakayan at lima (5) pang mag-aaral na piniling sumali sa pinalalim na panayam (in-depth interview) na isasagawa.

**Koleksyon ng Datos**

Ang pamamaraan para sa pangangalap ng data ay may kasamang ilang mga hakbang. Sabay-sabay na pangongolekta ng datos, ang dami at kwalitatibong datos ay sabay na tinipon. Ang *convergent parallel mixed-method* na dulog sa pagkolekta ng data ay ginamit upang patunayan ang isang anyo ng data sa iba pang anyo, upang baguhin ang data para sa paghahambing o upang matugunan ang iba't ibang uri ng mga tanong (Creswell, 2007).

Ang pahintulot na magsagawa ng pag-aaral ay unang nakuha mula sa Office of the President sa Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology. Ang dami ng data ay nakolekta gamit ang isang adaptive survey questionnaire. Upang matiyak ang pare-pareho, ang survey ay ibinibigay sa lahat ng kalahok sa parehong araw upang maiwasan ang mga pagkakaiba-iba ng mood.

Para sa koleksyon ng kwalitatibong data, ang *focus group discussion* at *one-on-one in-depth interview* ay isinagawa para tipunin ang mga karanasan ng mga kalahok tungkol sa mga iba't ibang estilo sa pagtuturo, upang matiyak ang pagiging tunay ng pagpili.

**Pagsusuri ng Datos**

Matapos makolekta ang lahat ng kinakailangang datos, isinagawa ang tabulasyon at pagsusuri. Para sa qualitative data, ginamit ang thematic analysis, habang ang statistical tools ay ginamit para sa quantitative phase.

Ang mga deskriptibong istatistika, tulad ng mean at standard deviation, ay ginamit upang suriin ang average na mga tugon ng mga kalahok at ang pagkakaiba-iba ng kanilang mga sagot tungkol sa intercultural sensitivity (Creswell & Creswell, 2017).

Para sa kwalitatibong data, ang mga tugon ng mga kalahok ay itinala, ini-ayos at binawasan ang data sa mga tema sa pamamagitan ng proseso ng *coding at considering* ng mga *code*. Ang mga datos ay ipinakita gamit ang mga pigura, talahanayan o isang salaysay. Sa proseso ng pagsuri ng kwalitatibong data, bilang mananaliksik, ang deskriptibong datos at mga proseso tulad ng *coding* at pagkategorya ay upang ayusin ang dating ginamit.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

## RESULTA AT DISKUSYON

***Talahanayan 1. Antas ng Estilo sa Pagtuturo***

| ***Demokratikong Estilo ng PagtuturoI*** | **Mean** | **Deskripsyon** |
|---|---|---|
| 1.Pinupuri ako ng aking guro sa mabuting kaugalian. | 4.23 | Mataas |
| 2.Tinatanong ng aking guro ang aking opinyon bago siya gumawa ng anumang mga desisyon o mga patakaran. | 4.11 | Mataas |
| 3.Nirerespeto ng aking guro ang personal kong buhay. | 4.54 | Napakataas |
| 4.Tinatanggap ng guro ang aking mga opinyon. | 4.34 | Napakataas |
| 5.Pinapatawad ako ng aking guro kapag nagkakamali ako sa hindi sinasadyang panahon at binibigyan ako ng pagkakataong ayusin ito. | 4.47 | Napakataas |
| **TOTAL** | **4.34** | **Napakataas** |

| ***Awtorisadong Estilo ng Pagtuturo*** | **Mean** | **Deskripsyon** |
|---|---|---|
| 1.Binibigyan ako ng pagkakataon ng aking guro na maipahayag ang aking sariling opinyon. | 4.54 | Napakataas |
| 2.Pantay ang pagtrato ng aking guro sa kanyang mga mag-aaral. | 4.46 | Napakataas |
| 3.Mas pinili kong ibahagi ang aking mga opinyon kahit na hindi ako sigurado sa aking sagot. | 3.85 | Mataas |
| 4.Sinusuportahan ng aking guro ang aking mga ideya. | 4.23 | Mataas |
| 5.Sumusunod ang aking guro sa mga patakaran at regulasyon ng paaralan upang magsilbing gabay at limitahan ang aking pag-uugali. | 4.50 | Napakataas |
| **TOTAL** | **4.32** | **Napakataas** |

| ***Laissez Faire na Estilo sa Pagtuturo*** | **Mean** | **Deskripsyon** |
|---|---|---|
| 1.Dinidisiplina kami na aming guro. | 4.70 | Napakataas |
| 2.Natutuwa ako dahil ang aming guro ay laging nagbibigay ng tamang desisyon sa pagbibigay ng mga tagubilin. | 4.48 | Napakataas |
| 3.Napansin ko na nagpapakita ng respeto at pag-papahalaga ang aming guro sa amin bilang estu-dyante. | 4.62 | Napakataas |
| 4.Nagbibigay ng paliwanag at suporta ang aking guro upang matulungan akong lubos na mauna-waan ang aking takdang-aralin kapag nahihirapan akong sagutin ito. | 4.51 | Napakataas |
| 5.Nakikinig nang maayos ang aking guro kapag ako ay lumalapit at nagtatanong tungkol sa kanyang paksa. | 4.49 | Napakataas |
| **TOTAL** | **4.56** | **Napakataas** |

| ***Indifferent na Estilo sa Pagtuturo*** | **Mean** | **Deskripsyon** |
|---|---|---|
| 1.Nakikipag-usap sa aking tungkol sa aking pang-araw-araw na buhay kapag hindi oras ng klase. | 3.99 | Mataas |
| 2.Pinapasali ako sa mga gawaing ekstraku-rikular na paglalaro. | 4.06 | Mataas |
| 3.Ang unang taong nilalapitan ko kapag kai-langan ko ng gabay at payo. | 4.05 | Mataas |
| 4.Nagpapakita ng pagmamalasakit sa akin. | 4.18 | Mataas |
| 5.Nagpapakita ng interes sa pagtuturo ng mga aralin. | 4.53 | Napakataas |
| **TOTAL** | **4.16** | **Mataas** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Estilo ng Pagtuturo.** Gaya ng ipinakita sa kabanata 3, napakataas ang pangkalahatang katayuan ng estilo ng pagtuturo. Ito ay naaayon sa pag-aaral nina Gozalo et al., (2020) & Sophie, (2019), na ang isang epektibong guro ay maaaring umaakit sa mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto gamit ang iba't ibang mga diskarte sa pagtuturo o mga malikhaing paraan upang makuha ang kanilang interes.

**Demokratikong Estilo ng Pagtuturo**. Ang rating ng indikeytor na ito ay napakataas ayon sa naging bunga ng pananaliksik na ito. Ito ay naaayon sa pananaliksik nina Sabra et al., (2020) & Virginia, (2024), na ang estilong ito ay nagtataguyod ng kaligtasan at pakikipagtulungan habang binibigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong magsalita, gumawa ng mga desisyon, at mag-ambag sa mga talakayan sa klase.

**Awtorisadong Estilo ng Pagtuturo.** Ang aspetong ito ay minarkahan ng mga respondente bilang napakataas. Ito ay naaayon sa pananaliksik ni Torff, (2021) & Baumrind, (2020), na ito ay hindi lamang kontrolin ang pag-uugali ng mga mag-aaral ngunit upang maimpluwensyahan din at idirekta ito sa isang nakabubuong paraan at naghihikayat sa indibidwalidad.

**Laissez Faire na Estilo ng Pagtuturo.** Ang rating ng indikeytor na ito ay napakataas ayon sa naging bunga ng pananaliksik na ito. Ito ay naaayon sa pananaliksik nina Inandi et al., (2020) & Aldrine, (2021), na ang mga guro ay binibigyan pansin ang halaga at oras ng mga mag-aaral sa hindi nila naiintindihan na mga gawain na itinuturo ng guro.

**Indifferent na Estilo ng Pagtuturo.** Ang rating ng indikeytor na ito ay mataas ayon sa naging bunga ng pananaliksik na ito. Ito ay naaayon sa pananaliksik ni Fenner, (2021) & Lee (2019), na ang mga guro ay ginagawa ang kanilang pinakamahusay na pamamaraan upang tulungan ang mga mag-aaral na makilahok sa klase.

**Talahanayan 2.** ***Ang mga karanasan ng mga Mag-aaral patungkol sa mga estilo ng guro sa pagtuturo***

<table>
<tr><th>Isyung Sinuri</th><th>Pangunahing Ideya</th><th>Code/ Kategorya</th><th>Pangunahing Tema</th><th>Teoritikal Na Suporta</th></tr>
<tr><td rowspan="3">Karanasan ng mga mag-aaral ng BSEd-filipino tungkol sa estilo na ginagamit ng guro sa pagtuturo.</td><td>• Napapadali ang pagkatuto.<br>• Nakatutulong sa pagpapa-unlad ng kaalaman.<br>• Nakatutulong sa pagkakaroon ng positibong epekto ng pagkatuto.</td><td>Nakatutulong sa Pagpapabuti ng Kaalaman</td><td rowspan="2">Madaling Pagkatuto Gamit ang Digital na Gamit sa Pagtuturo</td><td rowspan="2">Social Learning</td></tr>
<tr><td>• Napapadali ang pag-access sa mga. presentasyon.<br>• Napapadali ang paghatid ng mga impormasyon o mensahe.</td><td>Pagpapabilis ng mga gawain sa pagtuturo</td></tr>
<tr><td>• May kahandaan sa pagtuturo.<br>• Kaalaman sa mga aralin na ituturo.</td><td>Kahusayan sa Pagtuturo</td><td>Nakararanas ng Epektibong</td><td>Construc-tivism</td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | • Nagpapakita ng pagkamalikhain sa pagtuturo.<br>• Nagpapakita ng interes sa pagtuturo. | Nagpapakita ng interes at pagkamalikhain sa pagtuturo | Pamamaraan sa Pagkatuto | Theory |
| | • Mayroong kolaborasyon at interaksyon sa klase.<br>• Aktibong nakikilahok sa talakayan. | Aktibong Pag-aaral | | |
| | • Napapabilis ang pagtuturo ng guro.<br>• Napapabilis ang paghahatid ng impormasyon. | Napapadali ang Proseso ng Pagtuturo | Nakararanas na Mapapadali ang Paghahatid ng Karunungan | Self Determi-nation Theory |
| | • May sapat na kaalaman sa paggamit ng teknolohiya.<br>• May sapat na kagamitang digital na teknolohiya sa pagtuturo. | Paggamit ng Teknolohiya sa Pagtuturo | | |

**Madaling Pagkatuto Gamit ang Digital na Gamit sa Pagtuturo.** Ang resulta sa pananaliksik ay inihayag na ang pagkakaroon ng mga teknolohiya bilang kasangkapan sa pagtuturo ay napapadali nito ang proseso ng pagtuturo gayundin ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang resultang ito ay sinuportahan ni Al-Mutairi (2023)**,** na kung saan ang isang paaralan ng kahusayan na may magandang pang-akademikong nakamit ay dapat isaalang-alang ang mabuting pagganyak, pagbibigay ng mga aktibidad sa mga mag-aaral gamit ang teknolohiya upang ma-engganyo sila sa klase gayundin ang paggamit ng teknolohiya upang mapapadali ang paggawa ng proyekto at presentasyon.

Bukod rito, ang mga natuklasan ay pinagtibay at pinalakas ang argumento na kung saan ayon kay Patel (2024)**,** na nakatutulong sa mga guro ang teknolohiya upang mas mapadali ang kanilang mga gawain at makabuo ng isang tiyak at epektibong proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Magamit bilang isang teknik na pupukaw sa interes ng mga mag-aaral.

**Nakararanas ng Epektibong Pamamaraan sa Pagkatuto.** Inilahad sa pananaliksik na ito na ang mga estilo ng guro ay nakatutulong sa mga mag-aaral dahil nararamdaman nila na pinahahalagahan at kumportable sila sa pag-aaral ng mga bagong bagay at pagbuo ng mga relasyon sa kanilang klase at napapanatili din ng guro ang kanilang interes sa pakikinig ng mga leksyon na siyang dahilan sa pagkakaroon ng epektibong pagkatuto. Sinuportahan ito ni Johnson (2023), na pinaparamdam ng guro sa mga mag-aaral na pinahahalagahan at kumportable sila sa kanilang pag-aaral upang magkaroon sila ng positibo at epektibong pagkatuto.

Dagdag pa rito, ayon kay Albay (2021), na ang papel ng isang guro ay makabuo at mapanatili ang interes ng isang mag-aaral. Dapat na maging malikhain upang mahikayat ang mga mag-aaral na magkaroon ng interes sa pagkatuto sa isang paksa o leksyon.

**Nakararanas na Mapapadali ang Paghahatid ng Karunungan dahil sa Digital na Teknolohiya.** Inilahad sa pananaliksik na ito na napapadali ang proseso ng pagtuturo ng guro gayundin ang paghahatid ng mga impormasyon. Bilang suporta ni Al-Mutairi (2023)**,** ay nagsasaad na maaaring harapin ng mga guro ang interes at pagganyak ng mga mag-aaral tungo sa pag-aaral gamit ang magkakaibang mga estilo ng pagtuturo kagaya ng paggamit sa mga teknolohikal na kasangkapan, aplikasyon at iba pa upang mapapadali ang proseso ng pagtuturo gayundin ang paghahatid ng mga impormasyon ng guro sa mga mag-aaral.

Bukod pa rito, kamakailang pagsusuri ng mga pag-aaral nina Castrodes et al., (2021), na patunay lamang ito na malaki ang maiaambag ng teknolohiya upang mapaunlad ang kaalaman ng mga kabataan. Dahil sa teknolohiya, nagiging maayos at napapadali ang mga gawain sa paaralan lalo na sa mga mag-aaral na nangangailangan ng kalidad na edukasyon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 2.1.** *Ang Pananaw ng mga Mag-aaral sa Estilo ng Guro sa Pagtuturo*

| Isyung Sinuri | Pangunahing Ideya | Code/ Kategorya | Pangunahing tema | Teoritikal Na Suporta |
|---|---|---|---|---|
| Pananaw ng mga mag-aaral ng BSEd-filipino tungkol sa estilong ginagamit ng guro sa pagtuturo | • Naging kawili-wili ang talakayan.<br>• Paggamit ng magandang estilo sa pagtuturo. | Kasanayan sa Pagtuturo | Nakatutulong sa Pagkakaroon ng aktibo at Interaktibong Klase | Social Learning |
| | • Pagbibigay ng mga pagganyak.<br>• Nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magsanay.<br>• Pagkakaroon ng pangkatang gawain. | Paghulma sa Kakayahan ng mga Mag-aaral | | |
| | • Gumagamit ng iba't ibang pangteknolohiyang kasangkapan.<br>• Gumagamit ng digital na teknolohiya. | Kasangkapan sa Makabagong Panahon | Nagkakaroon ng Makabisang Pagtuturo sa Makabagong Panahon | Construc-tivism Theory |
| | • Nakatutulong na mapapadali ang pagbahagi ng guro sa aralin.<br>• Nakatutulong sa mga mag-aaral na makita ang mga mensahe. | Malaking Ambag ang Teknolohiya sa Pag-aaral | | |
| | • Nahihirapan sa pag-intindi ng mga aralin.<br>• Nahihirapang makisabay sa estilong ginagamit ng guro. | Kahirapan sa Pag-aaral | Nahihirapang Makipagsaba-yan sa Modernong | Social Learning |
| | • Hindi bihasa sa paggamit ng teknolohiya.<br>• Kahirapan sa paggamit ng aplikasyon. | Kahirapan sa Paggamit ng Teknolohiya | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | • Hamon sa pagkatuto.<br>• Hindi angkop ang estratehiyang ginamit sa pagtuturo. | Kahirapan sa Pagkatuto | Paraan ng Pagkatuto | |
| | • Hindi nagbibigay ng mga aktibidad.<br>• Hindi handa sa pagtuturo.<br>• Gumagamit ng paiba-ibang estilo sa pagtuturo. | Problema sa Pagtuturo | Kawalan ng Interes sa Pagkatuto | Self-Deter-mination Theory (SDT) |
| | • Hindi napapanatili ang interes ng mga mag-aaral.<br>• Nawalan ng motibasyon sa pag-aaral. | Kahirapan sa Pagpapanatili ng Interes at Motibasyon | | |

**Nakatutulong sa Pagkakaroon ng Aktibo at Interaktibong Klase.** Ang resulta sa pananaliksik na ito ay inihayag na ang pagbibigay ng guro ng mga aktibidad, at mga pagganyak ay nakatutulong ito sa pagkakaroon ng aktibo at interaktibong klase. Ang resultang ito ay sinusuportahan ni Johnson (2023), na ang mga guro ay hindi lamang responsable para sa pagbibigay ng mga solusyon at pagsagot sa mga katanungan ngunit sila rin ay isang may awtoridad na pigura sa pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral.

Bukod pa rito, ang mga natuklasan ay pinagtibay at pinalakas ang argumento na kung saan ayon nina Agbay (2022), na napatunayan na nakapagdudulot ng ibayong interes sa mga kasanayan at kaalaman ukol sa partikular na asignatura ang mga mag-aaral kung ang isang guro ay gumagamit ng iba't ibang estratehiya na gagamitin sa larangan ng pagtuturo kabilang na dito ang pagbibigay ng mga aktibidad at pagganyak sa mga mag-aaral bilang isang resipe para sa aktibong pagkatuto ng mga mag-aaral at pagkakaroon ng interaktibong klase.

**Nagkakaroon ng Makabisang Pagtuturo sa Makabagong Panahon.** Inilahad sa pananaliksik na ang paggamit ng mga makabagong kasangkapan ay nakatutulong sa mga guro at mag-aaral upang mapapadali ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ito ay sinusuportahan ni Choi (2024), na maaaring makatutulong ang mga makabagong kasangkapan sa panahon ngayon sa pagkakaroon ng interaktibong pagtuturo sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga *multimedia presentation* gayundin ang pagpapalakas sa pakikipag-ugnayan ng mga guro at mag-aaral.

Dagdag pa rito, ayon kay Cadusale (2020), na ang teknolohiya ay nakapag-aambag at nagbibigay ng malaking pagkakataon para sa pagkatututo ng mga mag-aaral, partikular na nga ang paggamit ng medya sa pagtuturo.

**Nahihirapang Makipagsabayan sa Modernong Paraan ng Pagkatuto.** Inilahad sa pananaliksik na ito na nakakaranas ng kahirapan ang mga mag-aaral na makisabay sa modernong paraan ng pagkatuto dahil may mga mag-aaral at guro na nahihirapan sa paggamit ng teknolohiya bilang kasangkapan sa pagtuturo gayundin sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Bilang suporta ni Choi (2024) na ang teknolohiya sa panahon ngayon ay lalong umusbong at halos mga kabataan ay may alam na dito ngunit hindi natin maitatanggi ang katotohanan na mayroong mga mag-aaral na nahihirapang gumamit ng mga teknolohiya bilang kagamitan sa pag-aaral kaya ito ay nagdudulot sa kanila ng kahirapan na makisabay sa makabagong paraan ng pagkatuto.

Bukod rito, kamakailan ang pagsusuri ng mga pag-aaral ni Roque (2019), na hindi natin maipagkakaila na sa ating buhay ay gumagamit tayo ng mga teknolohiya upang magawa ng mabilis at maayos ang ating mga gawain, at mapapadali ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral, ngunit hind din natin maitatanggi ang katotohanan na may mga mag-aaral pa rin na nahihirapan na makisabay sa bagong paraan ng pagkatuto kabilang na dito ang paggamit ng teknolohiya, at mga aplikasyon na ginagamit sa pag-aaral.

**Kawalan ng Interes sa Pagkatuto.** Inilahad sa pananaliksik na ito na nakakaranas ang mga mag-aaral na nawawalan ng interes sa pagkatuto dahil may mga guro na madalas lang nagbibigay ng mga aktibidad sa klase. Bilang suporta ni Johnson (2023), na nagpapaliwanag na ang mabisang pag-aaral sa silid-aralan ay nakasalalay sa kakayahan ng guro na panatilihin ang interes ng mga mag-aaral na magdadala sa kanila sa makabuluhang pag-aaral ngunit minsan ang mga mag-aaral ay nawawalan ng interes sa klase dahil may mga gurong madalas lang nagbibigay ng mga aktibidad.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Dagdag pa rito, ayon kay Torres (2021), ang kakulangan sa preparasyon, at kakulangan sa pagbibigay ng mga aktibidad ay maaaring makakaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Maraming mga kabataan ang nagpapakita ng kakulangan ng interes sa pag-aaral dahil limitado lamang ang pagbibigay ng guro ng mga aktibidad at mga pagganyak na naging sanhi sa mababang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 3. Pagpapakita ng Mahahalagang Natuklasan sa Kwantitatibo at Kwalitatibo**

| Aspeto o Focal Point | Kwantitatibong Natuklasan | Kwalitatibong Natuklasan | Likas na Integrasyon ng data | Aksiolohikal na Implikasyon |
|---|---|---|---|---|
| Demokratikong Estilo sa Pagtuturo | Talahanayan 1 sa demokratikong estilo sa pagtuturo aytem 4 na tinatanggap ng guro ang aking mga opinyon (M=4.34) ay may marka na napakataas. | Talahanayan 6.1 na may code na kahusayan sa pagtuturo sa ilalim ng temang nakararanas ng epektibong pamamaraan sa pagkatuto. | **Merging-Converging** | Nagpapakita na ang mga mag-aaral ay nakararanas ng positibong pagkatuto. |
| Awtorisadong Estilo sa Pagtuturo | Talahanayan 2 sa awtorisadong estilo sa pagtuturo aytem 1 binibigyan ako ng pagkakataon ng aking guro na maipahayag ang aking sariling opinyon (M=4.54) na may napakataas na marka. | Talahanayan 6.2 na may code na kahusayan sa pagtuturo sa ilalim ng temang nakararanas ng epektibong pamamaraan sa pagkatuto. | **Merging-Converging** | Nagpapakita na ang mga guro ay may kahusayan sa pagtuturo. |
| Laissez Faire na Estilo ng Pagtuturo | Talahanayan 3 sa laissez faire na estilo ng pagtuturo aytem 4 nagbibigay ng paliwanag at suporta ang aking guro upang matulungan akong lubos na maunawaan ang aking takdang-aralin kapag nahihirapan akong sagutin ito (M=4.51) na may napakataas na marka, | Talahanayan 6.2 na may code na kasanayan sa pagtuturo sa ilalim ng temang nakatutulong sa pagkakaroon ng aktibo at interaktibong klase. | **Merging-Converging** | Nagpapakita na ang mga guro at mag-aaral ay mayroong interaksyon sa klase. |
| Indifferent na Estilo ng Pagtuturo | Talahanayan 4 sa indifferent na estilo ng pagtuturo aytem 5 nagpapakita ng interes sa pagtuturo ng mga aralin (M=4.53) na may napakataas na marka. | Talahanayan 6.1 na may code na nagpapakita ng interes at pagkamalik-hain sa pagtuturo sa ilalim ng temang nakararanas ng epektibong pamamaraan sa pagkatuto. | **Merging-Converging** | Nagpapakita na ang mga guro ay interesado sa pagtuturo. |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ang *corroborative* na natuklasan tungkol sa antas ng estilo ng pagtuturo sa tuntunin ng **demokratikong estilo ng pagtuturo** na nagsasaad na *tinatanggap ng guro ang aking mga opinyon* ay may napakataas na rating sa ilalim ng temang *nakararanas ng epektibong pamamaraan sa pagkatuto*. Isinasaad nina Strong et al., (2023), na ang epektibong guro ay nakikining o tinatanggap ang mga opinyon at komento ng kanyang mga estudyante. Tumutulong na mapagaan ang loob ng bawat mag-aaral kung may dinadala man itong mga problema at nagpapakita ng malasakit.

Ang tumutugma sa natuklasan sa antas ng **awtorisadong estilo ng pagtuturo** ay *binibigyan ako ng pagkakataon ng aking guro na maipahayag ang aking sariling opinyon* ay may napakataas na marka sa ilalim ng temang *nakararanas na epektibong pamamaraan sa pagkatuto.* Isinasaad ni Silva (2019), na ang isang mabuti at mahusay na guro ay laging may panahon na humanap o gumawa ng inobasyon para sa pag-unlad ng performans ng mga estudyante kabilang na dito ang pagbibigay ng guro ng pagkakataon na maipahayag ang opinyon ng mga mag-aaral sa loob ng klase ay nagdudulot ng magandang epekto sa kanilang pag-aaral.

Ang nagtatapong katangian ng kwantitatibo at kwalitatibong tuklas sa antas ng **laissez faire na estilo ng pagtuturo** na may napakataas na rating na *nagbibigay ng paliwanag at suporta ang aking guro upang matulungan akong lubos na maunawaan ang aking takdang-aralin kapag nahihirapan akong sagutin ito* sa ilalim ng temang *nakatutulong sa pagkakaroon ng aktibo at interaktibong klase*, sa kwalitatibong resulta. Isinasaad nina Graham et al., (2019), na ang pagbibigay ng paliwanag at suporta ng guro sa mga mag-aaral tungkol sa mga aralin ay nakatutulong sa kanila upang malinawan sa pagsagot ng mga gawain at nakatutulong din upang maiwasan ang pagkakalito.

Nagtatagpong natuklasan sa antas ng ***indifferent* na estilo ng pagtuturo** na nakita sa kwantitatibong yugto na *nagpapakita ng interes sa pagtuturo ng mga aralin* ay may napakataas na rating na may *merging-converging* na resulta sa temang *nakararanas ng epektibong pamamaraan sa pagkatuto*. Ang natuklasan sa pag-aaral ay isinaad ni Lowman (2024), na ang pagpapakita ng interes ng guro sa pagtuturo ng mga aralin ay nakakapukaw sa kanilang atensyon at interes upang makinig ng mabuti at magkaroon ng aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga gawain na ibibigay ng guro.

## KONKLUSYON

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga konklusyon at rekomendasyon batay sa natuklasan ng pag-aaral na makakatulong sa mga mag-aaral at guro sa pagpapahusay ng kanilang estilong gagamitin sa pagtuturo. Ang saklaw ng sumusunod na konklusyon ay limitado sa konteksto ng pag-aaral.

## TALASANGGUNIAN

1. *Adele Keyser, (2022). The significance of reading books to improve vocabulary reading.*
2. *Agbay, (2022). Aktibong pakikiisa ng mga mag-aaral.*
3. *Akpa, (2019). Leadership styles and Organizational performance.*
4. *Albay, (2004). Aktibong-pakikiisa-ng-mga-mag-aaral-sa-loob-at-panatilihin-ang-interes*
5. *Aldrine Gloria, (2021). Mga pamamaraan bilang epektibong pagbibigay kaalaman ng mga guro ng Filipino.*
6. *Al-Mutairi, (2023). Kakayahan ng mga guro sa pagtuturo at paggamit ng teknolohiya.*
7. *Apuke, O.D., (2017). Quantitative research methods a synopsis approach.*
8. *Ashfaq, (2021). How transformational leadership influences innovative behavior: The mediating role of psychological empowerment and proactivity of employees.*
9. *Ashfaq, (2021). How transformational leadership influences innovative behavior: The mediating role of psychological empowerment and proactivity of employees.*
10. *Aslam et al., (2020). Teachers' perceptions of technology integration in teaching-learning practices: A systematic review.*
11. *Aslan, S., (2022). An analysis of the primary school teachers' classroom management styles in terms of some variables. International Online Journal of Education Na Teaching*
12. *Bandura, A. (1997). Social learning theory.*
13. *Barberos, (2019). The effect of the teacher's teaching style on the student.*
14. *Baumrind, (2020). Pamamaraan ng pagtuturo ng mga guro at antas ng aktibong motibasyon ng mga mag-aaral.*
15. *Benjamin bloom, (1968). Learning for mastery.*
16. *Berti, (2023). Antas ng kakayahan ng mga guro sa Filipino sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo.*
17. *Bokkel, (2022). Classroom-level authoritative teaching and its associations with bullying perpetration and victimization.*
18. *Bricki, (2007). A guide to using qualitative research methodology.*
19. *Bryan, (2022). Mga estilo ng pagkatuto at gawi sa pag-aaral tungo sa akademikong pagganap sa mga klasikong akdang pampanitikan ng mga mag-aaral.*
20. *Burden, (2020). Classroom-level authoritative teaching ang Its associations with bullying perpetration and victimization.*
21. *Castrodes et al., (2012). Kakayahan ng mga guro sa paggamit ng makabagong teknolohiyang pampagtuturo at epekto nito sa mga mag-aaral.*
22. *Cherry, (2019). The impact of autocratic, democratic and laissez-faire leadership styles on the success of the organization: A study on the different popular restaurants of Mymensingh, Bangladesh.*
23. *Choi, (2024). Pananaw sa epekto ng kalidad ng silid-aralan sa mga mag-aaral ng kolehiyo.*
24. *Creswell, J. W. (2003). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed method approaches (2nd ed.). Thousand Oaks, CA: Sage*
25. *Creswell, J. W. (2013). Qualitative Inquiry & Research Design: Choosing among Five Approaches (3rd ed.). Thousand Oaks, CA: Sage*
26. *Creswell, J.W. (2009). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed method approaches (3rd ed.). Thousand Oaks, CA: Sage*
27. *De Vera at Villano, (2023). Estilo ng pagtuturo ng mga guro at ang aktibong motibasyon ng mga mag-aaral.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

28. *Deci & Richard, (1985). Self-Determination Theory.*
29. *Dithey, (1883). Sampling of Populations: Method and application (4th ed.)*
30. *Dr. Sara Berti, (2023). Active student participation in whole-school interventions in secondary school.*
31. *Franklin at Harrington, (2019). A review into effective classroom management and strategies for student engagement: Teacher and student roles in today's classrooms.*
32. *Glass & Hopkins K, (2013). The handbook of research for educational communications and technology. AECT.*
33. *Gloria, (2021). Exploration on the strategy used by the teacher in teaching language and literature during pandemic: A phenomenological study.*
34. *Gozalo, Barberos, at Padayogdog (2018). Estilo ng pagtuturo ng mga guro at ang aktibong motibasyon ng mga mag-aaral.*
35. *Keyser, (2022). Mga hamon sa pagtuturo ng ga guro sa asignaturang Filipino.*
36. *Lee, (2019). Mga estilo ng pag-aaral at epekto nito sa akademikong pagkatuto ng mga mag-aaral*
37. *Lemeshow, (2013). Sampling of population: Methods and Application.*
38. *Lopez, (2018). Estilo ng pagtuturo ng mga guro at ang aktibong motibasyon ng mga mag-aaral.*
39. *Mack, N., Woodsong, C., MacQueen, K., Guest, G. and Namey, E. (2005) Qualitative Research Methods: A Data Collector's Field Guide. Family Health International (FHI), USA.*
40. *Mills & Birks, (2014). A Qualitative Methodology: A Practical Guide.*
41. *Munhall, (2012). Nursing research: A qualitative perspective.*
42. *Strong et al., (2023). Effective teachers and professional and personal skills.*
43. *Torff b., (2021). Teachers' beliefs about authoritative teaching: Response and demand, or response and control.*
44. *Torres, (2021). Dahilan ng kawalan ng interes sa pag-aaral ng mga mag-aaral.*
45. *Virginia, (2024). Estilo ng pagtuturo ng mga guro sa asignaturang komunikasyon at pananaliksik sa wika at kulturang Filipino at ang antas ng aktibong motibasyon ng mga mag-aaral sa pribado at pampublikong mataas na paaralan sa lungsod ng Trece Martires.*